



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)

TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION

RECEIVED
29 SEP 2026

CTRL No.: 2026-09-51374

Tanggapang ng Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

28 Setyembre 2026

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 513, s. 2026

PAGPILI NG MGA KASAPI NG TV BROADCASTING FILIPINO SA SEKUNDARYA

Sa: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Superbisor ng CID at SGOD
Mga Superbisor ng CID/SGOD at OIC-PSDS
Mga Punong-guro ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya
(Pampubliko at Pamribado)
Mga Tagapayo ng Paaralang Pamamahayag

1. Ipinagbibigay-alam sa lahat ng pampubliko at pampridadong sekundaryang paaralan, na ang Tanggapang Pansangay ng Lungsod Iriga ay magsasagawa ng **Pagpili ng mga Kasapi ng TV Broadcasting sa Filipino (Sekundarya)** bilang paghahanda para sa nalalapit na Regional School Press Conference sa Disyembre 2026.

2. Ang nasabing gawain ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral mula Baitang 7 hanggang Baitang 12 na may interes at talento sa larangan ng pamamahayag sa telebisyon.

3. Ang pagpili ay gaganapin ngayong **Sabado, Oktubre 3, 2026** mula alas **8:00 ng umaga** hanggang alas **3:00 ng hapon** sa Gabaldon Conference Hall, Iriga Central School sa sumusunod na posisyon:

- o **Dalawang (2) Tagapagbalita / News Anchor** (Isang Lalaki at Isang Babae)
- o **Dalawang (2) Tagapag-ulat / Reporter** (Field Reporters)
- o **Isang (1) Scriptwriter** (Manunulat ng Iskrip)
- o **Isang (1) Video / Technical Editor** (Tagapag-edit ng Video at Audio)
- o **Isang (1) Cameraman / Floor Director** (Tagakuha ng Larawan at Tagapatakbo ng studio)

4. Ang bawat paaralan ay inaatasang magpadala ng kanilang mga kinatawan o kalahok na may angking husay at interes sa mga nabanggit na posisyon. Ang mga kalahok ay kailangang ihanda at dalhin ang sumusunod sa audition:



**IRIGA
SPRINGS**

Sa Serbisyang Tapat at Mangap,
Edukasyon ng Dekalidad!

Sto. Domingo, Lungsod Iriga
iriga.city@deped.gov.ph



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)

TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

Anchor/Reporter: angkop na kasuotan at may simpleng make-up; may maikling halimbawa ng pagbabalita (30-60 segundong pagbabalita) at tingnan din ang kalakip na pamantayan sa pagmamarka.

Scriptwriter/Technical/Director: ballpen, papel, at laptop (scriptwriter/editor, camera/smartphone para sa cameraman)

5. Ang bawat interesadong mag-aaral ay sasamahan ng kani-kanilang tagapayo na may pahintulot ng magulang at rekomendasyon ng kanilang principal. Samantala narito ang link para sa rehistrasyon: <https://tinyurl.com/mrxkj7tk>

6. Dahil sa ang Oktubre 3, 2026 ay natapat sa Sabado, kung kaya't ang lahat ng kalahok na guro, superbisor at iba pang kawani ay pagkakalooban ng Service Credits (para sa teaching personnel) o Compensatory Time-Off (CTO) (para sa non-teaching personnel) para sa pagdalo sa araw na ito, alinsunod sa DepEd Order No. 53, s. 2003 at CSC-DBM Joint Circular No. 2, s. 2004.

7. Ang gastusin sa pagkain ng lahat ng komite ay manggagaling sa pondo ng DSPC 2026 sa sasailalaim sa kinagawiang pagsusuma at pag-awdit.

8. Hinihiling ang malawakan at maagang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI

Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan



**IRIGA
SPRINGS**

*Sa Serbisyo ng Tapat at Maagap,
Edukasyon ay Dekalidad!*

✉ St. Domingo, Lungsod Iriga
📧 iriga.city@deped.gov.ph



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

Kalakip A

PAMANTAYAN SA PAGMAMARKA (AUDITION RUBRIC)

1. Anchor at Field Reporter (Kabuoan: 100%)

Pamantayan	Paglalarawan	Puntos
Tinig at Pagbigkas	Malinaw na boses, tamang diin (<i>diction</i>), tamang bilis (<i>pacing</i>), at wastong paggamit ng wikang Filipino nang walang halong <i>slang</i> o linggwistikong mali.	30%
Harap sa Kamera (Screen Presence)	May tiwala sa sarili, magandang tindig, likas na ekspresyon ng mukha, at tuloy-tuloy na pakikipag-ugnayan sa lens ng camera (<i>eye contact</i>).	30%
Kasanayan sa Pagbabalita	Kakayahang magdala ng balita nang may damdamin, kredibilidad, at tamang tono batay sa uri ng balita (hal. seryosong balita vs. balitang pampalakasan).	25%
Mabilis na Pag-aangkop (Ad-lib / Spontaneity)	Kakayahang magsalita at magpatuloy kapag may biglaang pagbabago sa sitwasyon o habang naghihintay ng cue.	15%

2. Manunulat ng Iskrip / Scriptwriter (Kabuoan: 100%)

Pamantayan	Paglalarawan	Puntos
Nilalaman at Kawastuhan	Kumpleto ang mahahalagang detalye ng balita (at), tumpak ang mga katotohanan, at walang maling impormasyon.	35%
Format at Estruktura ng Iskrip	Sumusunod sa pormal na pormat ng TV Broadcast Script (may malinaw na hati para sa AUDIO at VIDEO cues, tamang haba ng linya).	30%
Balarila at Paggamit ng Wika	Wasto ang gramatika, baybay, at bantas sa wikang Filipino; madaling basahin para sa anchor o reporter.	20%
Bilis at Tiyak na Oras	Kakayahang makabuo ng malinis na iskrip sa loob ng itinakdang oras ng pagsusulit (<i>on-the-spot writing</i>).	15%

3. Technical Director / Video Editor (Kabuoan: 100%)

Pamantayan	Paglalarawan	Puntos
Kasanayan sa Editing Software	Mabilis at maalam sa paggamit ng mga batayang program sa pag-edit (<i>Cut, Trim, Transitions, Lower Thirds, Audio Levels</i>).	35%
Kalidad ng Output (Visual at Audio)	Malinis ang pagkakadugtong ng mga kuha (<i>cuts</i>), walang sablay sa tunog, at may angkop na mga graphic at pamagat.	35%



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)

TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

Pamantayan	Paglalarawan	Puntos
Bilis ng Pagproseso	Kakayahang matapos ang maikling video plug o broadcast sequence sa limitadong oras.	20%
Paglutas ng Suliranin (Troubleshooting)	Kakayahang mag-adjust kapag nagkaroon ng teknikal na aberya sa gitna ng produksyon.	10%

4. Floor Director / Production Assistant (Kabuonan: 100%)

Pamantayan	Paglalarawan	Puntos
Liderato at Komunikasyon	Malinaw magbigay ng panuto at hand signals sa mga anchor, reporter, at technical team.	35%
Organisasyon at Pagtiyak sa Oras	Mahusay sa pag-aayos ng daloy ng programa (<i>flow of show</i>) at pagtiyak na nasusunod ang takdang oras (<i>timekeeping</i>).	35%
Mabilis na Pag-aksiyon (Presence of Mind)	Mabilis mag-isip ng solusyon kapag may hindi inaasahang pangyayari sa loob ng studio.	30%